SERVICEMEMBERS CIVIL RELIEF ACT (PAMBAYAN NA BATAS SA KAGINHAWAAN NG MGA MIYEMBRO NG SERBISYO)

DCSS 0386 (Tagalog) (07/24/2016)

PAUNAWA SA LAHAT NG MGA PANIG NA MAY KUSTODIYA AT MGA MAGULANG NA WALANG KUSTODIYA

PAKSA: ANG MGA KAHILINGAN NG PAGSUSURI AT PAGSASAAYOS AY MAKUKUHA PARA SA NAKA-ACTIVE DUTY NA MILITAR NA MGA TAUHAN

SERVICEMEMBERS CIVIL RELIEF ACT (SCRA) – MGA PAGHIHIGPIT SA INTERES

Ito ay para sabihin sa iyo ang tungkol sa isang pederal na batas na tinatawag na Servicemembers Civil Relief Act (SCRA). Ang Batas na ito ay nag-aalok ng ilang partikular na benepisyo sa isang magulang na miyembro ng unipormadong serbisyo, reserbista o miyembro ng National Guard (Pambansang Guwardya) na tinawag sa aktibong tungkulin. Kung saklaw ka ng Batas na ito maaari kang maging karapat-dapat para sa mga sumusunod na benepisyo:

- Kung ang iyong kita ay bumaba mula noong ikaw ay tinawag sa aktibong serbisyo militar, maaari mong baguhin ang iyong kasalukuyang suporta sa anak.
- Isang mas mababang singil ng interes na sisingilin sa anumang lampas-sa-nakatakda na suporta sa bata na inutang mo bago ka tinawag sa aktibong serbisyo militar.

Mga Pagbabago sa mga Utos ng Suporta sa Bata

Kung tinawag ka sa aktibong serbisyo militar, maaari kang humiling ng pagsusuri sa iyong kasalukuyang utos ng suporta. Ang proseso ng pagsusuri ay maaaring magresulta sa pataas o pababang pagbabago o walang pagbabago. Kapag nakumpleto na ang pagsusuri, ang parehong mga magulang ay makakatanggap ng paunawa ng resulta ng pagsusuri.

Mas mababang Singil ng Interes sa Lampas-sa-Nakatakda na Suporta

Ang isang magulang na tinawag sa serbisyo militar ay maaari ding humingi ng mas mababang singil ng interes sa mga atraso ng suporta sa bata sa ilalim ng SCRA. Ang singil ng interes sa hindi nabayarang suporta sa bata ay karaniwang sampung (10) porsyento sa California. Gayunpaman, maaaring humiling ang isang miyembro ng serbisyo na babaan ang singil ng interes mula sampung (10) porsiyento hanggang anim (6) na porsiyento sa nakalipas na suporta na dapat bayaran bago ang petsa ng pagpasok sa aktibong serbisyo.

Ang iyong kahilingan para sa isang mas mababang singil ng interes ay dapat na nakasulat at nagsasabi na humihingi ka dahil sa Servicemembers Civil Relief Act. Dapat kang magbigay ng dokumentasyon ng katayuang naka-active duty ka at ibigay ang petsa kung kailan nagsimula ang aktibong serbisyo na tungkulin, at isama ang isang kopya ng iyong utos ng hukuman.

Kung naniniwala kang dapat mong makuha ang alinman sa mga benepisyo ng Batas na ito, dapat kang makipag-ugnayan sa amin sa (866) 901-3212. Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig o pagsasalita, mangyaring tawagan ang numero ng TTY (866) 399-4096. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring bisitahin ang Customer Connect sa www.childsupport.ca.gov/customer-connect para sa tulong sa online.